



1-day transit pass

Espesyal na patakaran sa lalawigan ng Cavite na nagpapahintulot sa isang tao na may quarantine pass na makapasok sa ibang bayan o inter-town ng lalawigan. Makukuha ang pass na ito sa opisina ng Mayor.

1-week transit pass

Espesyal na patakaran sa lalawigan ng Cavite na nagpapahintulot sa isang tao na makapaghanap ng trabaho sa kahit alinmang lugar sa lalawigan. Tanging pinahihintulutan sa pass na ito ang nasa edad 21-59 lamang. Maaaring itong makuha sa munisipyo.



Active Case


Tiyak na bilang ng mga kasong napositibo sa Covid 19. Kasama sa bilang na ito ang mga tala mula sa gumaling o naka recober sa naturang sakit.



Asymptomatic Case

Uri ng kaso ng Covid-19 kung saan ang isang pasyente ay hindi kinakitaan ng pagdebelop ng sintomas ng sakit.





Ayuda

Tulong na ipinaaabot ng gobyerno sa mga naapektuhan ng COVID-19. Ito ay nasa anyo ng salapi o pakete ng pagkain na kadalasang bigas, noodles, sardinas, at iba pang uri ng de-latang pagkain.



Balik Probinsya, Bagong Pag-asa Program

Programa ng pamahalaan na humihimok sa nakararaming Pilipinong nagtatrabaho o naninirahan sa Maynila na nagnanais na bumalik sa kani-kanilang probinsya. Layon ng programa na unti-unti nang bawasan ang malaking bilang ng populasyon sa Maynila partikular ang mga maralitang walang pormal na tirahan.

Bayanihan to Heal as One Act

Kilala bilang RA no. 11469 o batas na nagkabisa noong Marso 25, 2020 na nagbigay rin ng karagdagang kapangyarihan sa pangulo ng Pilipinas upang sugpuin ang COVID-19. Sa batas na ito, ang pamahalaan ay inaasahang makapagsasagawa ng mga hakbang at programa tungo sa rehabilitasyon lalo na sa mga naapektuhan ng COVID-19.






Calibrated community quarantine

Kautusang ipinatupad ni Gobernador Jonvic Remulla para sa buong lalawigan ng Cavite. Maituturing na mas pinahigpit upang mapababa ang patuloy na pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa lalawigan. Kabilang sa mga bagong patakaran ang pagpapaikli ng oras sa paglabas ng mga tao sa lansangan na hanggang ika-6 ng gabi na lamang at tanging ang may mga quarantine pass ang pinahihintulutan.

Cash transfer

Programa ng pamahalaan na may layuning makapagbigay ng ayudang pera para sa pinakamahihirap na pamilya ng bansa. Karaniwang nasa sektor ng pagsasaka, pangingisda, mga pamilyang walang pormal na tirahan, at iba pang nabibilang sa impormal na sektor ng lipunan.



Community mart app

Isang uri ng mobile application na inilunsad ng Tanggapan ng Pangalawang Pangulo ng Pilipinas na naglalayong gawing maalwan sa mga tao ang pamimili ng pangunahing pangangailangan. Maaaring i-download ang app ng sinumang nagnanais na makapamalengke nang online.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN



Community Quarantine

Isa itong patakarang ipinatutupad sa mga lugar na nagtatakda ng ilang restriksyon gaya ng kanselasyon ng klase at mga lokal na paglalakbay, limitadong biyahe ng mga publikong transportasyon, patuloy na operasyon ng mga trabaho sa pribadong sektor nang may pagtatakda ng social distancing, mahigpit na pagmomonitor ng mga biyahe mula sa ibang bansa, at pagbabawal sa mga pagtitipon kung saan maaring magkaroon ng umpukan ang mga tao.




Community transmission

Nangyayari kapag hindi matukoy kung saan at paano kumalat ang virus sa isang pamayanan o kung paanong ang isang tao ay nahawahan nito.


Confirmed case

Maituturing na kumpirmadong kaso ng COVID-19 ang isang pasyente kung siya ay nagpasuri sa mga pambansa o lokal na laboratoryo gayundin sa mga akreditadong testing center ng Department of Health.




Contact tracing

Proseso ng pagtukoy sa mga nakasalamuha ng taong positibo sa COVID-19. Itinuturing na mabisang interbensyon upang hindi na makahawa ng ibang tao. May tatlong yugto ang pagsasagawa nito: pagtukoy sa nagpositibo sa COVID-19, pagtukoy sa mga nakasalamuha o mga lugar na kaniyang pinuntahan, at pagsasagawa o paglalapat ng karampatang aksyon gaya ng aysolasyon o quarantine.



Corona virus

Kilala ito sa tawag na COVID-19 na isang nakahahawang sakit bunsod ng corona virus. Kumakalat ito sa pamamagitan ng pagtalsik ng laway o kaya'y mula sa pagbahin ng isang tao na may virus. Ang corona virus ay pamilya ng mga virus na ang inaatake ay ang immune system at ang baga. Ang MERS-COV, SARS, at ang kasalukuyang COVID-19 ang ilan sa mga uri nito .



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN



COVID-19 facility

Tumutukoy sa isang espasyong medikal kung saan dadalhin ang mga taong kinakailangang sumailalim sa mandatory quarantine, lalo't higit kung siya ay nagmula sa ibang lugar o ibang bansa.



DOH (Department of Health)


Isang sangay ng pamahalaan na nangangasiwa sa mga usaping pangkalusugan ng bansa. Ang ahensiyang ito ang namamahala sa mga datos hinggil sa mga kaso ng COVID-19.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

ESP

Mas kilala ito bilang emergency subsidy program na bahagi ng RA No.11469 Bayanihan to Heal as One Act. Pagpapahintulot ito sa pamahalaan na magsagawa ng pagsasaayos at pamamahala ng pondo upang makapagpaabot ng tulong sa mga tao, sa anyo man ng salapi o mga pangunahing pangangailangan ng tao.



Expanded testing


Pagsusuring isinasagawa sa mga indibidwal na may tsansang magkaroon ng COVID-19 partikular sa mga taong pinaghihinalaang positibo, mga naglakbay o nalantad sa mga taong positibo sa virus, at mga manggagawang pangkalusugan.

Expired

Tumutukoy sa tao na namatay sanhi ng COVID-19.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN





Face mask

Kagamitang panakip sa bibig at ilong na karaniwang yari sa tela o iba pang uri ng materyal. Nagsisilbi itong proteksyon upang maiwasan ang hindi inaasahang pagtalsik ng laway na maaaring makapagdulot ng paglipat ng sakit patungo sa ibang tao.

Face shield

Kagamitang panakip sa buong bahagi ng mukha upang maiwasan ang posibleng paglipat ng virus patungo sa ibang tao. Karaniwan itong gawa sa polycarbonate na materyal, garter, at foam upang ang kabuuang bahagi ng mukha ay maprotektahan.






ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

Flattening of the curve Ilustrasyong nagpapakita na unti-unting bumababa ang bilang ng mga may kaso ng COVID-19 na ang layunin ay ihanda at palawakin ang kapasidad ng sistemang pangkalusugan upang mabigyan ng sapat na atensyong medikal ang lahat ng magpopositibo sa COVID 19.

Flexible learning arrangement

Katawagang ginamit ng CHED (Commission on Higher Education) bilang mungkahing plataporma sa pag-aaral at pagkatuto sa panahon ng pandemya. Paggamit ito ng kapwa digital at non-digital na teknolohiya. Saklaw rin nito ang paggamit ng Internet, pagdidisenyo at pagpapatupad ng programa, mga kurso, at iba pang interbensyong pampagkatuto.




ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

Foot disinfectant

Isang uri ng “safety at sanitation measure” na ipinatutupad sa mga entrada ng mall, pamilihan, bangko, atbp. May nakalatag na basahang may alkohol o klorox na tutuntungan ng sinumang papasok sa establisiyento. Layunin nitong maalis ang posibleng virus na nakadikit sa tsinelas o sapatos.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

Front liners

Mga taong nagsilbi sa bayan na walang takot na sinusuong ang banta ng Covid-19. Ang mga manggagawa mula sa ospital, kapulisan, militar, security group, supermarket, bangko, nagsusuplay ng pagkain at iba pang mga pangunahing pangangailangan ng tao. Sila ang mga tinuturing na front liners.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

Hand hygiene

Wastong paglilinis ng kamay at isa sa pangunahing paraan upang mapuksa at maiwasan ang pagtama ng virus. Sa mungkahi ng Kagawaran ng Kalusugan, marapat na hindi bababa sa dalawampung segundo ang paghuhugas ng kamay, at para naman sa mga bata, maaaring awitin ang “happy birthday” habang isinasagawa ito.

Home schooling

Isang paraan ng edukasyong isinasagawa sa bahay na kaiba sa regular na pagpasok sa paaralan. Lumaganap ito bunsod ng pangamba ng maraming magulang na papasukin ang kanilang mga anak dahil sa banta ng COVID-19.






Isolation

Proseso na inihihiwalay ang isang pasyenteng hirap sa paghinga, kinakikitaan ng sintomas, o pinaghihinalaang positibo sa COVID-19.



Judith

Likhang-salita para sa “due date”. Ginagamit ng mga karaniwang mamamayan sa pangambang magkapatong-patong ang mga bayarin sa ilaw, tubig, telepono, renta, at iba pa.




Localized ECQ

Patakarang pinaiiral sa isang tiyak na bayan o lugar na ang mga tao ay inaasahang mananatili sa kani-kanilang bahay at sa kanilang pamayanang kinabibilangan.



LSI (Locally stranded individual)

Tinatawag na locally stranded individuals na hindi na nakaalis sa isang lugar dahil sa lockdown o quarantine. Kinabibilangan ng mga manggagawang Pilipino, estudyante, mga naglakbay, o iba pang uri ng pagkaistranded.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

Mass testing

Tumutukoy sa panlahatan o pangmaramihang pagbibigay ng test upang masuri sa pinakamabilis na paraan ang mga taong positibo sa COVID-19. Priyoridad dito ang mga kinakikitaan ng sintomas, matatanda, buntis, at mga front liner.

Mental health hotline

Linya ng telepono ng National Center for Mental Health na tumatanggap ng tawag mula sa mga taong nangangailangan ng tulong pangkaisipan. Ang hotline ay karaniwang nakatatanggap ng animnapu hanggang walumpung tawag kada buwan bago pa man maipatupad ang quarantine.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN





Modified quarantine pass

Kautusang ipinatupad sa lalawigan ng Cavite na ang quarantine pass ng isang indibidwal ay maaari nang magamit ng kaniyang kapamilya sa pagbili ng mga pangunahing pangangailangan. Nagsimula ang sistemang ito noong ika-7 Hunyo, 2020.

New normal

Ang bagong kondisyon ng lipunan na ipinalalagay na normal sa isang tiyak na umiiral na panahon. Halimbawa nito ang pagsasagawa ng work from home, online classes, pagpapanatili ng social distancing sa tuwing lalabas ng bahay, pagsusuot ng face mask, pagbabawal sa mga magkakadikit na pasahero sa mga publikong sasakyan, pagpapatupad ng mahabang oras ng curfew, pagtatakda ng mga checkpoint sa bawat barangay at bayan, at iba pang kondisyon sa panahon ng COVID-19.





Online Class

Virtuwal na pagsasagawa ng klase. Plataporma rin itong ginagamit ng ilang paaralan upang maipagpatuloy pa rin ang pagtuturo-pagkatuto sa gitna ng krisis ng pandemya. Bagaman, inalmahan ito ni Congressman Joey Salceda ng ikalawang distrito ng Albay sa dahilang nakapagdudulot lamang ito ng dibisyon para sa mga mag-aaral na may akses at walang akses sa internet at teknolohiya.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN


Pandemic

Tumutukoy sa malawakang pagkalat ng sakit na COVID-19 sa iba't ibang bansa at kontinente ng buong daigdig.

Pasa-BUY

Tawag sa akto o kilos na ang isang tao ay makikisabay sa pagpapabili ng kaniyang pagkain o anumang pangunahing pangangailangan sa ibang tao. Sa iba pa nitong katawagan, ginagamit din ng mga tao ang terminong “alay” bilang paglalarawan sa akto ng pagpapabili.





PCR test

Uri ng test na tuwirang matutukoy kung nagtataglay ng antigen o toxin ang katawan ng isang tao. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagkuha ng sampol sa ilong at lalamunan ng pasyente. Kayang tukuyin nito kung positibo ang isang tao sa COVID-19 sa loob ng labindalawa hanggang dalawampu't apat na oras.




Physical distancing

Paglalaan ng tiyak na espasyo o distansya ng isang tao tungo sa iba pang tao na kaniyang nakakasalamuha. Halos kahalintulad din ito ng social distancing na mas kilala ng karamihan. Ilan sa mga halimbawa nito ang paghalik at pagyakap.

Positive

Katawagang ginagamit sa isang tao o sa lugar na may nagpositibo sa COVID-19.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

PPE

Tinatawag na personal protective equipment na isinusuot ng mga medical front liner upang proteksyonan ang kanilang mga sarili mula sa COVID-19. Inirerekomenda rin ang paggamit ng Level 4 PPE gamit ang mga sumusunod: coveralls, surgical cap, N-95 mask, scrub suits, goggles/face shield, double gloves, dedicated shoes, at shoe covers.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

PUI

Tumutukoy sa person under investigation o mga taong kinakailangang dalhin at obserbahan sa loob ng ospital dahil kinakikitaan ng sintomas ng COVID-19 gaya ng lagnat, ubo, o kahirapan sa paghinga.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN




PUM

Tumutukoy sa person under monitoring o mga taong kinakailangan ng pansariling quarantine sa loob ng labing-apat na araw at hindi kinakikitaan anumang sintomas tulad ng lagnat, ubo, o kahirapan sa paghinga. Kabilang sila sa walang sintomas ngunit may travel history o nagmula sa mga lugar na may mga taong nagkaroon ng sakit na COVID-19.

Quarantine

Proseso kung saan inaasahan ang pananatili ng tao sa kaniyang bahay o kwarto sa loob ng labing-apat na araw upang maiwasang makahawa ng iba.





Rapid anti-body testing

Isang uri ng pagsusuri sa sampol ng dugo ng pasyente hinggil sa kaniyang antibodies upang matukoy ang presensiya ng foreign substance na mayroon sa kaniyang katawan. Sa pagsusuring ito, matutukoy ang resulta sa loob ng labinlimang minuto.

Recovered

Tumutukoy sa taong gumaling mula sa COVID-19.




Resolved cases

Kumpirmadong kaso ng COVID-19
subalit matapos ang muling pagsusuri ay
nagnegatibo na ang resulta.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

RITM Research Institute for Tropical Medicine

Isa sa mga nangungunang institusyong nagsasagawa ng mga test ukol sa COVID-19. Malaking bahagi ng kanilang tunguhin ang makapagsagawa ng mga pananaliksik, pagsasanay, serbisyong dayagnostiko at klinikal, at produksyong biyolohikal na may tuon sa mga kumakalat na sakit.

SAP

Ang SAP o Social Amelioration Program ay isang direktiba mula sa Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) na sistematikong tutulong sa pagbibigay ng ayuda sa mga tao.





Social Distancing

Pag-iwas o pagtakda ng isa hanggang isa't kalahating metrong distansya lalo't nasa lansangan gaya ng pamilihan, botika, at iba pang uri ng pampublikong lugar.




Suspected case

Isang tao na pinaghihinalaang positibo sa COVID-19 dahil kinakikitaan ng mga sintomas gaya ng malalang sakit sa respiratoryo, nilalagnat sa mahigit na 38 degree celcius, inuubo, kinakapos sa paghinga, at nakararanas ng pneumonia.



Swab test

Proseso ng pagkuha ng ispesimen mula sa isang tao upang masuri ito at matukoy kung siya ay positibo sa COVID-19.





Temperature check

Paraan ng pagmomonitor sa temperatura ng mga mamimili o kliyente bago pumasok sa isang establisihiyento na karaniwang isinasagawa ng mga security personnel. Sinumang may temperaturang hihigit sa 37.6 degree Celsius ay hindi mapahihintulutang makapasok o makapagsagawa ng transaksyon.

Travel pass


Dokumentong nagpapahintulot na makapaglakbay mula sa isang bayan patungo sa iba pang lugar o kalapit-bayan nito na may tiyak at mahalagang layunin.





Wave

Salitang ginagamit para matukoy kung pang-ilang beses nang nakatanggap ng ayuda ang isang pamilya mula sa pamahalaan. Ang first wave ay para sa unang bugso ng ayuda, gayundin sa second wave, third wave... Tumutukoy rin ito sa kasunod na bugso ng mga may kaso ng COVID-19 matapos ang enhanced community quarantine noong ika-15 ng Mayo bagamat marami na ring sumailalim sa mga test at pagsusuri.




Webinar

Tinatawag ding web-based seminar. Isang uri ng pagbibigay ng presentasyon, lektura, o worksyap gamit ang video conferencing. Naging alternatibong plataporma ito sa panahon ng pandemya na hindi kinakailangang magkasama-sama ang mga tao sa iisang lugar lamang.



WHO

World Health Organization. Isang samahang pangkalusugan sa daigdig na nagsisilbing opisyal na tsanel o tagapagbigay ng impormasyon ukol sa COVID-19. Noong ika-30 ng Enero 2020, idineklara nito bilang Public Health Emergency ang naturang virus.



ARTWORK BY MAESTRO MARK SHERWIN

Wuhan

Ang kapital ng lalawigan ng Hubei sa Tsina at pinaniniwalaang pinagmulan ng COVID-19. Nagsisilbi itong pinakamalaking lungsod at may pinakamataas na bilang ng populasyon sa buong Hubei.



Zoom

Ang Zoom Video Communications, Inc. ay isang kompanya na nakabase sa San Jose, California. Ang teknolohikal na aplikasyong ito ang karaniwang ginagamit sa mga miting, kumperensiya, klase, at iba pang anyo ng pakikipag-usap gamit ang chat o video conferencing sa panahon ng COVID-19.